

Chapter One



Mahigpit na yumakap sa ina si Krema matapos silang mag-usap. Kinabukasan na ang alis niya patungong Maynila. Pinayagan man siya ng magulang na lumuwas ay hindi nito maiwasang mag-alala para sa kanya. Dalawampu't apat na taon na silang magkasama sa bayan nila sa Maasin City, Southern Leyte, at ngayon lamang sila mawawalay sa isa't isa.

Hindi naman siya aalis nang mag-isa, kasama niya ang kaibigan niyang si Angelene. May pagkamataray at palaban ito. Ulila na ito sa ina at ang ama naman nito ay nasa ibang bansa at may ibang pamilya na.

May bahagya ring takot siyang nararamdaman kahit papaano. Lumaki si Krema sa probinsya na halos magkakakilala ang lahat ng mga tao sa lugar nila at hindi siya sanay sa mabilis na buhay sa Maynila.

But there's excitement. Matututo siyang tumayo sa sarili niyang paa, makakagalaw siya na hindi de-numero ang kilos. Magagawa niya ang lahat ng gusto niyang gawin.

She will have her freedom. Kahit pansamantala

lang. Naalala niya ang usapan nila ni Gelene noong sabihin niya rito na magtutungo siya sa Maynila.

“Pumayag ang istriktong si Mayor?” gulat na tanong ni Gelene.

Mayor ang kanyang ama sa bayan nila. He was a strict man. Batas ang salita nito hindi lang sa bayan nila kundi sa bahay rin nila. Ito ang klase ng ama na nagpapatakbo ng buhay ng anak. Her life was dictated by her father.

“Dahil kinausap siya ni Martin. Mas pinapakinggan pa niya si Martin kaysa sa sarili niyang anak.” Hindi maiwasang magdamdam ni Krema. “Mahal ko si Papa, pero hindi ko gustong pinapatakbo niya ang sarili kong buhay na para bang wala akong sariling isip. Gusto kong makalaya. Hindi ko magawa ang lahat ng gusto ko.

“Sunod-sunuran lang ako sa gustong mangyari ni Papa. Kung saan ako mag-aaral, kung ano ang kurso, kung sino ang dapat pakisamahan na matataas na tao. Kung sino ang dapat mahalin. Hindi ako binigyan ng chance ni Papa na piliin kung sino ang gusto ko.

“At wala akong magawa kundi ang sumunod. Kahit si Mama ay hindi ako matulungan. Sunod-sunuran din siya sa Papa. Kaya ko pinakiusapan si Martin. Hindi siya mahihindian ni Papa. Ganoon kalaki ang tiwala niya kay Martin.”

Tumango si Gelene. “Hindi mo pa sinasabi sa akin kung paano mo napapayag si Martin.”

“Nangako ako sa kanya na magpapakasal na kami pagbalik ko. Humingi ako ng panahon dahil hindi pa ako handang magpakasal. I need time for myself. Hindi ko talaga gustong maging asawa ng isang pulitiko. I’ve had enough with my father. Ayoko ng pulitika. Pagkatapos ngayon, si Martin naman ang tatakbo bilang mayor lalo pa at huling termino na ni Papa.”

Boyfriend niya si Martin, tatlong taon na rin. Twenty-one siya nang sagutin niya ito. Ipinagkasundo lang sila ng mga magulang nila. Anak si Martin ng matalik na kaibigan ng papa niya. Botong-boto ito sa lalaki kaya ito lang ang naging kasintahan niya. At lagi na siya nitong pine-pressure na magpakasal sila ng nobyo. Hindi siya rebelde at suwail na anak. Pilit na lang niyang inuunawa ang papa niya.

In the long run, natutunan na rin niyang mahal in si Martin.

He was a good and decent guy. Wala naman siyang problema rito. He was passionate in serving their town. Edukado ang lalaki, guwapo at matalino. At sigurado siyang mahal din siya nito at hindi lolokohin.



“Grabe namang ulan ’to!” Lihim siyang napangiwi nang kumislap ang paligid dahil sa malakas na kidlat. Matapang si Krema pero isang bagay ang nakakaduwas sa kanya—ang kidlat.

“Nananadya pang walang masakyan, punuan pa,” may kalakasan niyang patuloy na kausap sa sarili. Hindi siya makasabay sa mga taong nag-uunahan sa pagsakay. Kaninang tinangka niya ay naitulak pa siya at muntik nang maapakan at maipit.

“Shit! ’Kainis!” Napangiwi siya nang isang malakas na kidlat na naman ang pumunit sa madilim na langit. Napaatras siya, and lost her footing. Sa kabiglaan ay hindi niya nabalanse ang sarili. Wala siyang magawa kundi panoorin ang parang slow motion na pagbagsak niya.

“Shit talaga!” Basang-basa na nga si Krema dahil hindi kaya ng payong niya ang lakas ng ulan, babagsak pa siya sa maduming baha. Mariin siyang napapikit.

Akala pa naman niya ay maganda ang araw na ito. Natanggap siya sa trabaho bilang assistant ng isang corporate attorney sa isang pharmaceutical company. Graduate siya ng Political Science dahil iyon ang kursong gusto ng tatay niya.

May experience naman siya dahil naging paralegal assistant na rin siya ng municipal lawyer

sa bayan nila. Nag-apply siya sa Internet bago siya umalis ng probinsya at natutuwa siyang nakuha niya ang trabaho.

Hindi lang naisip ni Crema na aabutin siya ng ganito kalakas na ulan pag-alis sa kompanyang in-apply-an niya. Mabilis siyang napadilat nang imbis na baha ang bagsakan niya ay matigas na bagay ang tumama sa likod niya. May parang bakal din na kamay ang humawak sa braso niya.

“Okay ka lang, Miss?”

Napalingon siya sa nagsalita at sumalo sa kanya. Tumango siya. “Thanks.”

Ngumiti ang lalaki at pakiramdam ni Crema ay nagliwanag ang paligid. Nahawi ang madilim na ulap, tumigil ang ulan at sumikat ang haring araw. *Ugh!* lihim niyang ungol. Ano ba ang mga pumapasok sa isip niya?

Pero hindi mapigilan ni Crema ang sarili. Hindi niya mapigilang matulala sa estranghero. Ito na yata ang pinakaguwapong lalaking nakita niya. Hindi pang-movie star to that effect pero malakas ang dating.

Matangkad ito, maputi pero hindi ganoong kaputi, very manly ang kulay ng balat, medyo singkitin, matangos ang ilong, at mapula ang lips, pang-commercial ng toothpaste ang mga ngiti nito at may dimples pa. In short, nakakatulala.

“Walang anuman. Pero okay ka lang ba talaga?” Nasa boses nito ang pag-aalala. “Natulala ka na. Masyado ka bang naguwapuhan sa akin? Don’t worry, sanay na ako.”

Naramdaman niya ang pang-iinit ng mukha. Lumayo siya rito. “May kayabangan ka rin, ano!” inis niyang sabi.

Tumawa ito. “Alam ko.”

Erase. Erase. Hindi ito ang pinakaguwapong lalaking nakita ni Krema. Ito ang pinakaantipatikong lalaking nakilala niya sa tanang buhay niya. “The nerve!” Saka siya nagmartsa palayo.

Wala siyang pakialam kung malakas ang kidlat. Gusto niya lang ay makalayo sa lalaki. Nagulat pa siya nang maramdaman niya ang boses nito sa bandang tainga niya kaya napahinto siya bigla.

“Hey! Joke lang iyon!” Nakangiti pati ang mga mata nito.

Naningkit ang mga mata niya. “Hindi nakakatawa.” Muling naglakad palayo si Krema, pero mukhang walang balak na tantanan siya ng lalaki.

“Masyado ka namang pikon. Bawal na ba ang mag-joke? Saka hindi naman ako nagsisinungaling, nagsasabi lang ng totoo.”

Hindi niya ugaling mainis pero naba-bad trip na

siya sa estranghero. Bakit ba kasi totoo ang sinasabi nito? Natulala pa siya. Mabilis siyang humarap dito at pinamaywangan ang lalaki.

“Ang kapal-kapal ng mukha mo!” Wala siyang pakialam kung nakikipag-away siya sa isang lalaking hindi niya kilala sa gitna ng malakas na ulan.

Muli itong ngumiti. Itinaas din nito ang dalawang kamay. “Relax, nagbibiro lang ako. Inaalas ko lang ang atensyon mo sa kidlat.”

Napahinto si Krema sa anumang sasabihin niya. “Ano?”

“Kanina ko pa kasi napansin na tuwing kumikidlat ay napapaatras ka. Nakikita ko ang takot sa 'yo. Muntik ka pa ngang matumba. Kung hindi ko naagapan ay baka bumagsak ka sa baha.”

Lalong natigilan ang dalaga. Diyata't matagal na siyang pinapanood ng lalaki? Hindi niya namalayan dahil sa takot sa kidlat. Now, she's not pissed off anymore. Natatakot na siya. Hindi lingid sa kanya ang maraming krimen sa lungsod.

The man was gorgeous. Impossibly gorgeous with capital G.

Hindi siya masamang tao, iyon ang sabi ng isang parte ng isip niya.

Ows? Hindi porque guwapo ay hindi na p'wedeng maging kriminal, kontra ng kabilang bahagi ng utak

niya. Kung walang balak na masama ang kausap niya ay bakit siya pinapanood nito? Bahagya siyang napaatras.

“Shit!” Wari ay nabasa nito ang takot sa mga mata niya. “Don’t jump into conclusions. Hindi ako kriminal.”

Muli siyang napaatras. “Bakit ka defensive?”

Napakunot-noo ito. “Hindi ako defensive. Masyado ka lang readable. Nasa mukha mo ang takot. Hindi mahirap hulaan kung ano ang iniisip mo. Pero hindi ako ganoon. Napansin ko lang talaga kanina na tuwing kikidlat ay napapaatras ka. Tinangka ko lang makatulong. That’s all.”

Hindi pa rin kumbinsido si Krema. “Eh, bakit sinusundan mo pa ako?”

“Katulad nga ng sinabi ko, inaalís ko lang ang pansin mo sa kidlat. Simula nang sundan kita at kausapin, parang nakalimutan mo na ang kidlat. Isa pa, makikisukob sana ako sa payong mo. Basang-basa na rin ako sa ulan. Bawal magkasakit,” paliwanag nito.

Kahit pa siguro napakaguwapo ng kaharap niyang lalaki, hindi pa rin siya dapat mapalagay.

Don’t talk to strangers. Iyon ang golden rule sa mga bata. Tumalikod siya at lakad-takbo ang ginawa. Sumiksik din siya sa mga tao, pero hindi niya maiwasang mapalingon. Hindi na niya

matanaw ang lalaki. Sana naman ay hindi na siya sundan nito.

Pinayapa ni Krema ang sarili at huminga nang malalim. Nakokonsyensya siya. Naka-jacket lang ang lalaki at hood lang niyon ang panangga ng ulo sa ulan. Totoong basang-basa na ito at nangangaligkig na rin sa lamig.

At totoo ring nakalimutan niya ang kidlat dahil sa presence nito. Pero bagong salta lang siya sa Maynila at di niya kabisado ang buhay rito. Hindi siya ang taong mabilis magtiwala dahil lang sa guwapo ang isang lalaki.



Napakamot sa ulo si JV habang sinusundan ng tingin ang babaeng papalayo na parang hinahabol ng sampung kalabaw sa takot. “Natakot? Ano ba’ng sinabi kong masama? Gusto ko lang naman talagang makisukob. Sabagay, estranghero naman kami sa isa’t isa.”

Nagkibit-balikat na lang siya at matiyagang naghintay ng masasakyan. Hindi na niya hinabol ang babae. Mapagbintangan pa siyang stalker. Bahagya siyang tumingala. Walang balak na tumigil ang malakas na ulan. Sa totoo lang ay giniginaw na siya. Sana ay nakinig siya sa bilin ng bunsong kapatid na magdala ng payong. Nawala kasi sa isip niya, naiwan niya iyon sa kotseng hindi niya

nadala dahil coding. Galing siya sa isang handaan. Birthday ng anak ng isa niyang tauhan.

General manager ang lalaki sa isang malaking pharmaceutical company sa Ortigas. Siyam na taon na siyang nagtatrabaho roon at nagsimula siya bilang junior accountant pagkapasang-pagkapasa niya sa board examinations for Accountancy graduates lalo pa at number three siya sa mga pumasa.

With his sheer dedication to the company, he was noticed. Binigyan siya ng pagkakataong palaguin ang sarili. They entrusted him many things over the years. Hindi niya binigo ang boss niya. He worked very hard. Halos dugo't pawis ang ipinuhunan niya sa trabahong iyon.

And now, he was just giving back. Mabait sa kanya ang boss niya at marunong itong makisama sa mga tauhan nito. Isa iyon sa mga natutunan ni JV rito bilang mentor niya. Kaya hanggang may pagkakataon, nakikihalubilo siya sa mga tauhan at hindi siya aloof sa mga ito.

Pinalitan niya ang matanda sa puwesto nito three years ago. Retired na ito at nagto-tour sa ibang bansa kasama ng asawa. Malaki ang tiwala at paggalang niya sa matanda. Binigyan siya nito ng pagkakataong maniwala sa kanyang sarili. Nagtiwala ito sa kakayahan niya. He backed him

up and endorsed his promotion. Itinuring siya nitong parang anak at parang ama na rin niya ito. Napunan nito ang isang kulang sa buhay ni JV.

At dahil sa trabaho at tulong nito, nakakaipon siya ng malaking perang kailangang-kailangan niya. Muli siyang tumingin sa paligid. Bago siya umalis sa handaan ay hindi pa ganito kalakas ang ulan, kaya hindi na siya tumawag ng taxi. Isang taxi na walang laman ang huminto sa harap niya, kaya mabilis siyang pumasok doon.

Nakasakay na kaya iyong babae? tanong niya sa isip. Hindi pa rin kasi ito mawaglit sa kanyang isip. Maganda ang estranghera at maputi pero hindi naman mestiza. Sa tantya niya ay mga 5'2" ito. Hanggang balikang buhok, may katangusan ang ilong, maganda at mapungay ang mga mata at bilugan ang mukha. She was on the chubby side but not that much. Proportion pa rin naman sa height ang katawan nito.

And her voice, it was like velvet and silk. Parang nanghihipnotismo. Enticing and beckoning all male to crawl on her feet. Napailing siya sa naisip. But he was really mesmerized when she spoke. Narinig na niya ito noong kausap nito ang sarili. Pero mas lalong tumiim sa kamalayan niya ang boses nito noong magkausap sila.

Pero mukhang imposible namang magkita pa

sila nito. Nakadama ng panghihinayang si JV na ikinagulat niya. Matagal nang panahon noong huli siyang maapektuhan ng isang babae. Worst, isa itong estranghera.



Chapter Two



“Good morning! Pasaan ka?”

Good morning! Napalingson si Crema sa kabilang bahay. Nakasilip sa bakod si Jessica, ang sixteen years old na mestisang bagong kapitbahay nila ni Gelene. Ang bahay na nakuha nila ay pangalawa mula sa corner road at kasya ang isang tao ang pagitan sa nauunang bahay na tatlong magkakapatid ang nakatira. Nakita nila ang tinutuluyan sa Internet bago pa man sila lumuwas ng Maynila.

Paglipat nila ay nangapitbahay kaagad ang dalagita at nagpakilala. Matagal na raw ang mga ito sa lugar na iyon at may dalawa itong nakatatandang kuya, isang nagtatrabaho at isang nag-aaral ng college at ito naman ay nasa high school. Madaldal si Jessica, makuwento at magaan ang loob niya rito.

“Hi, good morning! Magjo-jogging lang. Maganda ang araw na ito ng Linggo. Tuyo na ang kalsada na parang hindi bumagyo noong Biyernes.” Ugali niya sa kanilang probinsya na mag-bike tuwing umaga, at dahil wala siyang bike dito, okay na ang jogging.

“Sabay ako sa ’yo. Mag-bike ako. Wait lang,

ha!” Mabilis itong nawala bago pa siya makasagot. Sumilip siya sa bakod at matiyagang naghintay. Pero nang halos sampung minuto na ang nakakaraan at wala pa ang dalagita ay napakunot-noo siya.

“Ano’ng nangyari doon?” Umikot siya upang makatawid sa kabila saka kumatok. Hindi naman nagtagal at bumukas ang pinto.

“Yes?” tanong nang kung sinong nagbukas.

Parang narinig na niya ang boses na iyon. Natigilan siya at napatingala rito.

Ang lalaki sa ulanan!

“Ikaw?” hindi niya mapigilang masabi.

Kahit noong isang araw pa niya ito nakita, hindi makakalimutan ni Krema ang mukha nito dahil sa dalawang bagay—sobrang guwapo nito at tinakbuan niya ito dahil sa takot.

Napakunot-noo ang kausap at napatitig sa kanya. Sumandal ito sa hamba ng pinto at ipinagkrus ang mga braso sa dibdib. “Tingnan mo nga naman. Tinakbuan mo ako noong isang araw ’tapos kakatok ka sa pinto ko.”

Alanganin siyang ngumiti. “Ah, sorry, ha? Hinahanap ko lang si Jessica. Sasabay daw siya sa pag-jogging ko.”

Tumangu-tango ito. “Kilala mo ang kapatid ko?”

Tumango rin siya. Ang pagkakataon nga naman,

ang lalaking tinakbuhan niya ay kapitbahay pala nila. “Kuya ka pala ni Jessica.”

Tumango ulit ito. “Hindi ko inaasahang magkikita pa uli tayo. Mukha ba akong kriminal?”

Hindi niya alam kung galit ito at napikon, wala kasi siyang mabasa sa mukha nito. “H-hindi naman masyado.”

Tumaas ang isang sulok ng labi ng lalaki. “Hindi masyado? So, may percentage na mukha akong kriminal? More than fifty percent ba o twenty-five percent o seventy-five percent?”

Napalunok siya. “Look, I’m sorry kung na-offend kita. Hindi ko ugaling sumama sa isang estranghero...” *Kahit pa gaano kaguwapo at ka-sexy, dugtong niya sa isip. Hindi maiwasang mapadako ng tingin niya sa dibdib nito na humahakab sa suot nitong puting T-shirt, sa malalapad na balikat at sa mukhang matitigas na braso. Napasimangot si Krema sa isip. Malandi kang mga mata ka!*

“Apology accepted. At least, di ikaw ang klase ng babaeng basta-basta sumasama sa lalaking hindi mo kilala. Hindi ko rin iyon gusto dahil may kapatid din akong babae. Pasok ka nga pala.”

Ngumiti siya. “Hindi na, dito ko na lang siya hihintayin. Saka sinabi ng nanay ko, *don’t talk to strangers* daw kasi, baka ma-kidnap ako. Wala kaming pang-ransom.”

Malakas itong tumawa. Buung-buo ang tawa ng lalaki at pakiramdam ni Krema ay musika iyon sa pandinig niya. Titig na titig ito sa kanya at bahagya siyang nailang. Hinawi niya ang buhok at inipit iyon sa tainga niya.

“Nakaka-mesmerize naman ng boses mo.”

“Ha?”

Ngumiti ito. Tulala galore siya. He was devastatingly handsome when he's smiling. Nakakapanginig-tuhod. May dimples ito sa magkabilang pisngi.

“Ang ganda kasi ng boses mo. Parang nanghahalina, at susunod ang lahat sa sinasabi mo.”

Hindi siya nakasagot doon. Iyon na siguro ang pinakamaganda at nakakakilig na compliment na natanggap niya sa buong buhay niya. “Joker ka talaga.” Iyon ang nasabi niya pagkatapos nang ilang sandali.

“Hindi iyon biro. Nagsasabi ako ng totoo.”

Tumangu-tango siya. “Okay, s’abi mo, eh. Huwag daw tumanggi sa mga papuri at magpasalamat na lang kaya salamat nang marami.”

Muli itong tumawa. “You’re funny.”

Ngumiti si Krema. “Compliment ba uli iyon?”

Ngumiti lang ang kausap at hindi nagsalita. Nailang na naman siya. Alanganin siyang tumiyad

pasilip sa loob ng bahay. “Oo nga pala, si Jessica? Sasabay daw siya sa pag-jogging ko.”

“Oo, binanggit niyang may sasabayan siya sa pag-jogging. Nagpapalit pa siya ng damit. Hindi ko alam na ikaw pala iyon. Nasabi rin niya sa akin na may bago kaming kapitbahay.

“Hindi ko naman kayo nakikita kasi lagi akong late umuwi galing sa trabaho at maaga ring pumapasok. I was surprised that it’s you. Hindi ko na kasi inaasahang magkikita pa tayo,” saad ng lalaki.

“Ako din. Hindi ko rin inaasahan ito. Saka hindi rin naman ako masyadong naglalalabas ng bahay. Noong Biyernes ang huli.”

“Saan ka ba nagpunta?” mukhang interesadong tanong nito.

“Nag-apply lang ng trabaho.”

“Okay na? Saan?”

“Okay naman, assistant ng company lawyer sa *BlueSky Pharma*.”

Lumiwanag ang mukha ng kausap. “Really? Doon din ako nagtatrabaho. Ikaw ang bagong assistant ni Atty. Leo? Iyong pumalit kay Lila na nag-migrate sa ibang bansa? Kailan ka magsa-start?”

Nanlaki ang mga mata niya. “Sa *BlueSky* ka nagtatrabaho?”

Tumango ito. “Congrats and welcome sa company.” Maluwang itong ngumiti. “Oo nga pala, hindi ko pa alam ang pangalan mo. I’m Jeremy Valencia. JV for short. So, kailan ka nga mag-start sa trabaho?” Iniunat nito ang kamay papunta sa kanya.

Nakipagkamay siya rito. “Next week. Krizza Marie Golipardo ang pangalan ko. Krema for short.”

“Cute name,” mahinang wika ni JV, hindi binibitawan ang kamay niya. Bahagya pa nito iyong pinisil.

Nag-init ang kanyang mukha. Pakiramdam ni Krema ay tumulay ang init mula sa palad nito patungo sa buong katawan at mukha niya. Para rin siyang nahihipnotismo na nakatingala rito. Their eyes were locked on each other.

And then his name registered on her brain. “Jeremy Valencia? As in *the* Jeremy Valencia?”

Nangingiting tumango ito.

Uh-oh. Kapitbahay niya pala ang GM ng *BlueSky Pharma*. Sa loob-loob ay napangiwi siya. Ang pagkakataon talaga! Sa contract signing niya ay nabanggit sa kanya ng HR na Jeremy Valencia nga raw ang pangalan ng GM nila. “Kaya pala itinanong sa akin kung kilala kita dahil parehas daw ang lugar ng address ko sa ’yo.”

“Wow, bagong love team!”

Sabay silang napalingon sa nagsalita at hindi na siya nasagot ni JV. Nakatayo si Jessica sa likuran nito.

“Ate Krema, nagkakilala na pala kayo ng Kuya JV ko. At saka pasensya na kung natagalan ako. Nagpalit pa kasi ako ng pang-jogging ’tapos namisplace ko pa ang susi ng bike. Nakasanayan ko na lang kasing i-lock iyon kapag gabi, eh,” mahabang paliwanag ng dalagita.

Ngumiti siya rito. Si JV naman ay binitawan na ang kamay niya. She felt the loss of the warmth from his hand. “Okay lang. In-entertain naman ako ng kuya mo.”

Tumangu-tango si Jessica. “Kuya, siya iyong sinasabi ko sa ’yo na bago nating kapitbahay. Sabay ako sa kanyang mag-jogging, ha?” Bumaling sa kanya ang dalagita. “Di ba sabi ko sa ’yo ang guwapo ng mga kuya ko?”

Napangiti lang si Krema. Totoo nga ang sinabi nito. Well, hindi pa niya nakikita ang isang kapatid na lalaki ng mga ito. But looking at Jessica and JV, she decided it’s genetic. Magandang bata rin kasi si Jessica.

“Paano, Kuya JV, saka na lang kayo mag-moment uli ni Ate Krema. Mag-jogging na kami, kanina ko pa siya pinaghintay, eh.”

Tumango ang binata. “Ingat kayo.”

“Sure, Kuya! ’Bye!” wika muli ni Jessica at hinila na siya palayo.

Nilingon niya si JV habang hila-hila siya ng kapatid nito. Kumaway ito sa kanila. She could see the tenderness in his eyes whenever he looked at Jessica. Mukhang mahal na mahal nito ang bunsong kapatid. May brownie points ito sa kanya. Nakaka-attract ang lalaking mapagmahal sa pamilya.



“Hi!” Binuksan niya nang maluwang ang pinto. “Pasok ka.”

“Thanks!” wika ni Jessica habang papasok ito. May dala itong isang mangkok ng umuusok pang sopas. “Lapag ko dito, ha?” Inilapag nito sa center table ang dala.

Lumingon si Krema sa labas ng pinto, hindi niya alam kung bakit parang may hinihintay pa siyang iba.

“Ate Krema?”

“Ha?” Napalingon siya sa dalagitang nagtatakang nakatingin sa kanya.

“May hinihintay ka pang darating?” tanong nito.

“Naku! Wala! Wala!” Mabilis niyang isinara ang pinto. Nakakahiya na para siyang tanga na may hinihintay roon. Pero hindi pa naman niya

nailalapat ang pinto pasara ay may pumigil doon. Mabilis ang naging paglingon niya.

“Hi! P’wede ring pumasok?”

She was literally speechless. Nakatanga lang siya kay JV. Hindi niya alam kung bakit biglang sumikdo ang dibdib niya sa katuwaan sa muling pagkakita rito. Dalawang linggo na rin simula noong pormal silang magkakilala.

At hindi na sila nagkita ulit. Kahit pa pareho silang nagtatrabaho sa *BlueSky Pharma*, lalo pa at iba naman ang boss niya. Pero si Jessica ay madalas magpunta sa kanila. At nakilala na rin niya ang isa nitong kapatid na si Joshua.

“Krema?” untag ni JV sa kanya.

“Sir JV! Pasok ho kayo,” wika niya nang makabawi sa pagkabigla.

“JV na lang. Wala naman tayo sa *BlueSky*. At saka wala nang *ho*.”

“Okay, s’abi mo, eh.” Saka siya mabilis na tumalikod. Hindi rin siya makatingin kay Jessica na nangingiti. Mukhang hindi nakaligtas dito ang pagkatulala niya sa kuya nito.

“Medyo malamig ang gabi, kaya naisipan kong magluto ng sopas. Dinalhan ko kayo ni Ate Gelene,” anang dalagita.

“Thanks,” iyon lang ang sinabi niya.

Nagpapasalamat siya at hindi nag-dwell si Jessica

sa nasaksihan nito. Pero hindi niya mapigilang lingunin si JV na nakatayo sa pintuan. Pakiramdam niya kasi ay sinusundan ng mga mata nito ang paggalaw niya. “Upo kayo.”

Mabilis na umupo si Jessica at nilingon ang kapatid. “Kuya, upo ka din daw.”

Hindi maipaliwanag ni Krema ang pagkailang na nararamdaman. Walang imik si JV at nakatitig lang ito sa kanya habang nakaupo sa tabi ni Jessica. Huminga siya nang malalim. “So,” pasimula niya, “may gusto ba kayong kainin? Inumin?”

She hated that she’s being so nervous. Pasaway naman kasi si JV. Hindi kumukurap ang pagkakatitig nito sa kanya. She glared at him. Tumaas lang ang isang sulok ng mga labi nito. *Shit!* Nahahalata yata nito ang ibayong kaba niya.

“Huwag ka nang mag-abala, Ate. Nangangapitbahay lang naman kami,” sagot ni Jessica.

Bago pa siya makasagot ay may nagsalita na sa gawi ng hagdanan.

“May bisita pala tayo!” ani Gelene. Lumapit ito sa kanila, nginitian nito si Jessica pero nagtagal ang tingin nito kay JV. “I’m Angelene. Pero p’wede n’yo akong tawagin as ‘Gelene’. Friend at housemate ni Krema.” She extended her hand to the visitors.

“Jessica,” pagpapakilala ng dalagita sa sarili nito

habang nakikipagkamay kay Gelene. “At ang Kuya JV ko. Diyan kami sa kabilang bahay.”

Tumayo si JV at nakipagkamay rito ang babae. Hindi nakaligtas sa pansin niyang may katagalan iyon at ngiting-ngiti ang kaibigan sa lalaki. Bigla ay nakaramdam siya ng di-maipaliwanag na inis kay Gelene.

“Nasabi nga ni Krema ’yong tungkol sa inyo, pero ngayon lang ako nagkaroon ng pagkakataong makilala kayo. Nagsimula na kasi ako sa trabaho ko at ngayon lang napaaga ng uwi.”

Nagtatrabaho ito bilang receptionist sa isang malaking hotel sa Makati. Nagulat siya nang lumingon sa kanya ang kaibigan at nangingislap ang mga mata nito.

“Hindi naman sinabi ni Krema na ang guwapo pala ng kapitbahay namin. Kung alam ko lang, matagal na akong nagpakilala.” She laughed throatily and looked back at JV.

Hindi siya sumagot. Hindi nga niya naikuwento rito kung sino si JV.

Ang lalaki naman ay maluwang na napangiti. “Palabiro ka pala, Gelene.”

Humagikgik ang babae. “Hindi. I’m just telling the truth. Natutuwa akong dito kami nakakuha ng lilipatan. Mag-e-enjoy ako nang sobra dito.”

Kahit kailan ay hindi siya nanaghili kay Gelene.

Bata pa lang sila ay matalik na silang magkaibigan. Pero ngayon, hindi maiwasan ni Crema na makaramdam ng inis dito sa lantaran nitong pagpi-flirt kay JV na mukhang gustung-gusto naman ng lalaki.

Kung kanina ay hindi humihiwalay ng tingin si JV sa kanya, nagbago na iyon simula noong pumasok sa eksena si Gelene. Well, hindi naman niya ito masisisi. Her friend was a bombshell.

5'6" ang taas nito, hourglass figure, at napakaganda. Hindi miminsang naging beauty queen at muse ang babae sa bayan nila. And she's definitely aware of her assets. Marunong si Gelene kung paano iyon gamitin sa advantage nito. At alam nito kung paano iyon gamitin sa isang lalaki.

Katulad ng ginagawa nito ngayon kay JV. Flirting with him openly.

Umiwas ng tingin si Crema at nakasalubong ng tingin niya ang mga mata ni Jessica. Nakakunot ang noo nito. Habang si Gelene naman ay tumabi kay JV at nagsimulang makipagkuwentuhan dito. Sa ilang sandali ay ang boses at tawanan ng mga ito ang maririnig sa sala. Wala sa loob na inabot niya ang remote control at binuksan ang TV. She wanted to drown the flirty laughs of Gelene. Husto rin niyang batuhin ito ng remote control. At gusto niyang palayasin na si JV sa bahay nila.

Nakakita lang ng diyosa, hindi na siya pinansin. She's never insecure with the beauty and perfection of Gelene. Best friend niya ito at mahal niya ang kaibigan. Kontento rin si Crema sa kanyang hitsura at hindi issue sa kanya na hindi siya sexy at may mga baby fats siya. Pero bakit naiinis siya na nakuha ni Gelene ang atensyon ni JV?

“Ano’ng magandang palabas?”

Lihim siyang nagpasalamat sa tanong na iyon ni Jessica. At least ay may makakausap siya. “*Juan Dela Cruz.*”

“Ay, bet ko iyan! Ang guwapo ni Coco!”

“Sinabi mo pa. Pinapanood namin iyan sa bayan namin gabi-gabi,” aniya. “Teka, lumalamig iyong sopas. Kuha lang ako sa kusina ng mangkok at kutsara para masampolan ko ang luto mo.”

“Sige, sama ako sa ’yo, ”Te. Kung hindi mo naitatanong, masarap akong magluto.”

Ngumiti siya. “Mabuti kung ganoon. Habang bata ka pa ay mabuting may alam ka na sa kusina.” Tumayo na sila at tumungo sa kusina. Iniwasan naman niyang mapadako ang tingin kina JV at Gelene na parang may sariling mundo. Hindi naman sila nagtagal doon at lumabas na.

“Gusto mo si Crema kaya bitter ka na hindi ka niya pinapansin?”

Natigilan siya sa pagpasok muli sa sala sa

narinig na tanong ni Gelene. Tinitigan niya si JV na mabilis na umiling.

“Hindi ko gusto si Krema. Bakit mo naman nasabi iyan?” sagot nito.

“Mabuti. Hindi ko naman sinabing gustuhin mo ako,” hindi niya mapigilang sumingit. Nainis siya sa sagot nito, hindi niya alam kung bakit. It was just a normal answer to a normal question.

Mabilis ang naging paglingon ni JV at tingin niya ay bahagya pa itong namutla. “Krema!”

“Narinig ko ang sinabi mong hindi mo ako gusto. Bakit, may namimilit ba sa ’yong gustuhin ako?”

Umiling ito. “Wala naman.”

Tumangu-tango siya at inilapag ang mga mangkok at kutsara sa center table. “Kain tayo,” alok niya sa mga ito. Tahimik lang sina Jessica at JV habang si Gelene ay ngingiti-ngiti.



Chapter Three



“Lunch?”

“Sir JV!” Nagulat si Krema sa pagsulpot ng binata sa puwesto niya. Sa kabilang floor ang opisina nito at bihira lang magkrus ang landas nila sa *BlueSky*. Kahit sa lugar nila ay bihira silang magkita ng lalaki. Maaga itong umaalis at late na umuuwi. Magtatlong linggo pa lang siya sa kompanya at hindi rin nagkukrus ang landas nila.

Mangyayari lang iyon kapag may papipirmahan lang siyang mga legal documents galing kay Atty. Leo, na kadalasan naman ay idinadaan din niya sa secretary ni JV. There was one meeting she attended with the two men, pero masyadong busy ang binata at hindi sila nagkausap. Kaya nagulat talaga siya sa biglaang pagsulpot nito ngayon.

“Hinahanap mo ba si Atty. Leo? Nag-lunch out siya.”

Ngumiti si JV. “No. I went here to have lunch with you.”

“Ha?” Lalo siyang nagulat. Bigla niyang naisip ang sasabihin ng ibang empleyado kapag nakita ng mga itong kasabay niya sa pagkain ang GM.

“Mapapahiya ba ako sa invitation ko?” Nakataas

ang isang sulok ng mga labi nito.

“Kasi, Sir..” Paano ba niya ito matatanggihan nang maayos?

“Inaalala mo ba ang sasabihin ng iba?”

Tumango si Crema. “Bago pa lang kasi ako dito. Ayoko namang matsismis agad na kasama ng GM.”

Nagkibit-balikat ito. “It’s just talk. Wala namang magandang naidudulot ang tsismis. Wala ring masama na makita nilang magkasama tayo. You’re not directly under my supervision. Nagre-report ka kay Atty. Leo.”

“Ayoko lang maging laman ng kahit na anong usapan. I really wanted to stay here. Natutuwa ako sa trabaho. At hindi ko gustong pumasok sa isang kompanyang may bulong-bulungan sa likod ko.” Call her paranoid but she was.

Masyado na yata siyang na-phobia sa kanila. Bilang kaisa-isang anak ng mayor sa bayan nila, lahat ng paningin ng mga kababayan nila ay nakatutok sa kanyang bawat kilos. At isa iyon sa ginusto niyang takasan kaya pumunta siya sa Manila. Hindi niya gustong hanggang dito ay maging de-numero ang kilos niya.

Isa pang pinag-aalangan ni Crema ay mapagsolo sila ng binata. Close na sa kanya sina Jessica at Joshua, pero hindi niya masasabi ang ganoon pagdating kay JV. Lagi na ay kinakabahan

siya kapag nasa paligid lang ito. Katulad ngayon. Hindi siya kinakabahan dahil natatakot siya rito. Kinakabahan siya in the sense na parang hindi siya mapakali at nahihirapan siyang huminga.

Bumibilis ang pintig ng puso niya kapag nagtatama ang mga mata nila. At natutulala siya sa mga ngiti ng lalaki, parang gusto na lang niyang tumanga rito maghapon-magdamag.

You're pathetic! sigaw ng isip niya.

“C’mon, Krema. Wala naman tayong gagawing masama. We’re just going to eat. Wala rin tayong magagawa kung may mga tao talagang tsismosa. If you want, sa labas tayo kumain, some place na malayo sa office. Please, please, Krems,” anitong may pakiusap sa mukha.

Napangiti siya. “Krems?”

Ngumiti rin si JV. “So, what’s your answer?”

She sighed. “Fine. Nakakahiyang tumanggi sa GM.”

Lumuwang ang pagkakangiti nito. “Great!”



They ended up eating in a Chinese restaurant some distance from the office. Sa umpisa ay nag-aalangan pa ang dalaga, pero napalagay rin ang loob niya habang nagtatagal. Nakakatuwang kausap si JV. May sense ang mga sinasabi nito at hindi siya nabo-bore na kausap ito. Hanggang sa

dumako ang usapan nila sa mga kapatid ng lalaki.

“Alam mo bang ikinukuwento ka ni Jess sa akin?”

Tumawa ito. “Ano naman ang sinasabi ng makulit kong kapatid?”

“You are working too hard for them. Late ka raw umuuwi at maagang umaalis.”

“Masyado kasing maraming trabaho, mga meetings, conference at kung anu-ano pa. Kulang ang walong oras sa trabaho. The higher the position, the bigger the responsibility.”

“At sinabi rin ni Jess na minsan sobra na raw, wala ka na daw time para sa sarili mo.”

Hindi ito sumagot at tinitigan lang siya.

Alanganin siyang ngumiti. “Pasensya na, medyo pakialamera lang.”

Tumawa ito. “Okay lang.”

Tumawa rin si Krema. “Okay pala. So, bakit nga nagpapakasubsob ka sa trabaho mo at wala ka nang time sa sarili mo?”

“Hindi ko naman kailangan ng time para sa sarili ko. Mas mahalaga ang dalawang kapatid ko at ang lahat ng plano ko sa buhay.”

“So, planado ang buhay mo?”

Tumango ang binata. “Oo.”

“Walang crossroads, walang detour, right or left?”

“Kailangan.”

“Grabe! Nakaka-bored nga ang ganyang buhay. Walang spontaneity, thrills or surprises? Gora lang sa iisang landas? ‘Wag mong sabihing pati paghinga mo may oras?”

Tumawa lang si JV.

“Hindi nga?”

“Kailangan kong gawin iyon. Napakaraming bagay ang gusto kong gawin, napakarami kong plano.”

Napailing si Crema. “Kahit kailan hindi ka pa nag-deviate sa plano mo?” Umiling ito. “Ano’ng sabi ng GF mo?” Huli na para bawiin niya ang tanong. Ano naman ang pakialam niya kung may girlfriend ito?

Ngumiti ito nang malawak. Pasalamat si Crema at nakaupo siya, kung hindi ay manlalambot ang mga tuhod niya at babagsak siya. “Wala akong girlfriend.”

“Ah...” She bit her lip to stop herself from grinning widely. Hindi niya alam kung bakit kailangan niyang ikatuwa ang sinabi ni JV.

“Wala akong panahong mag-GF. Wala akong oras na maibibigay sa kahit na sinong babae.”

“So hindi ka talaga nanliligaw?”

Nagkibit-balikat ito. “Matagal na. Pero first priority ko ang mga kapatid ko. Okay lang naman

iyon sa 'kin. Hindi ko kailangan ng isang babae.”

“May commitment issue ka?” Gaano na kaya katagal noong huli itong nagkaroon ng nobya? “So kapag may nagkagusto sa 'yo, kawawa kasi mag-i-invest siya emotionally at wala namang mapapala.” Hindi niya mapigilang langkapan ng inis ang boses niya.

“Galit ka na niyang lagay na iyan?” nagtatakang tanong ni JV.

Mabilis siyang umiling. “Sorry. Na-carried away lang. May pagka-feminista ako paminsan-minsan. Huwag mo na lang isipin iyong sinabi ko.” She was horrified! Bakit ba ganoon ang tono niya?

“To answer you, hindi ako nagbibigay ng dahilan para umasa. Sinasabi ko na sa kanila sa umpisa pa lang na hindi ako p'wedeng mag-commit. Ayokong umasa pa sila nang higit sa maibibigay ko.”

“Paano kung mahal mo?”

“Hindi na mangyayari iyon.”

Tinaasan niya ng kilay ang resolve sa boses ng binata. *Hindi na?* “Bato ka ba para hindi makaramdam?”

“I will never love someone.”

Napatitig sa lalaki si Crema pero umiwas ito ng tingin. Sa tono ni JV ay parang naririnig niya na may *again* ang sinabi nito. “Ang commitment issue

mo ba ay dahil may masakit kang pinagdaanan dati?” hindi niya mapigilang maitanong.

“P’wede bang ibahin na lang natin ang usapan?” pakiusap nito.

Bull’s-eye! Ano kaya ang history nito sa babae? Pero sumobra nga yata ang pagiging pakialamera niya. Tumango siya at ipinagpatuloy ang pagkain, ganoon din ang ginawa ni JV.

May commitment issue? Check. Takot sa love? Check. Super workaholic to the point of obsession? Check. Planado ang buhay at walang detour? Check. Kind of cold? Check. Iyon ang mga katangian ng isang lalaking hindi dapat gustuhin ng babae upang makaiwas sa isang possible heartbreak. Pero bakit curious pa rin siya kay JV at mas gusto pa rin niyang makilala ito nang lubusan?



“Good morning!”

“Hi!” bati niya kay JV na kalalabas pa lang ng bahay ng mga ito. Siya naman ay galing sa panaderya at kasalukuyang binubuksan ang pinto nila. “Paalis ka na?”

“Oo,” tipid na sagot nito.

Tumango si Crema, hindi pa niya gustong mawala sa paningin niya ang binata. “Almusal? Gusto mo?”

Sandali itong hindi sumagot at akala niya ay

hindi ito papayag pero maluwang itong ngumiti. “Sige, maaga pa naman ako.”

Tumalikod siya para hindi nito makita ang pagngiti niya. “Come in.” Dumerecho siya sa kusina at inilapag ang dalang pandesal doon. Kumuha siya ng dalawang tasa at nilagyan iyon ng mainit na tubig. “Kape?”

Tumango si JV na humila ng isang silya at naupo. Siya naman ay nagtimpla na ng kape para sa kanilang dalawa. “Bagong bili iyang pandesal, mamili ka na ng palaman diyan sa lamesa.” Inilapit niya rito ang tasa ng kape.

“Salamat. Baka umamo ako sa ’yo.” Malawak ang pagkakangiti nito.

Tumawa si Krema. “Ano ka, aso? Umaamo dahil pinapakain ng amo?”

Tumawa rin ang binata. “P’wede. Taga-bantay mo.”

Tinaasan niya ito ng kilay. “Aba, gusto ko iyan! Bodyguard ko ang GM!”

Tumawa lang si JV at ipinagpatuloy na ang pagkain. Iniangat niya ang tasa at sumimsim ng kape. She looked at him above the cup’s rim. Nakakatuwa itong panoorin habang kumakain. Isinasawsaw nito ang pandesal sa kape bago isubo.

“Baka matunaw ako sa pagtitig mo.”

She just smiled. He smiled as well. Gustung-

gusto niyang titigan ang nakangiting mukha nito. Napapangiti rin siya. Sandali pa lang niya itong nakikilala, pero ginugulo na nito ang kanyang isip. Hinahanap-hanap niya ito kapag hindi niya nakikita. Simula noong mag-lunch out sila ay ilang beses pa silang sabay na kumain sa labas. Kapag maagang nakakauwi si JV ay naisasabay siya nito sa sasakyan nito.

May mga ilang katrabaho na nagtatanong sa kanya kung bakit napapadalas ang pagsulpot ng GM sa area nila. Ang ilan ay nanunukso. Ngiti lang ang isinasagot ni Krema. Hindi naman niya obligasyong magpaliwanag sa mga ito. Isa pa, masaya siya kapag kasama at kausap niya si JV. Bawat araw ay pinanabikan niyang makita at makausap ito.

Nawala ang ngiti niya. *Krema, what do you think you're doing?* pangongonsyensya ng isip niya. Tumayo siya. “Kain ka lang diyan. Iwan mo na lang kapag tapos ka na. Kailangan ko pa ring maghanda papasok.”

Tumingin ito sa wristwatch nito. “Tapos na ako. Kailangan ko na ring umalis. Thanks for the breakfast. 'Bye.”

“Sure,” simple niyang sagot at sinundan ng tingin ang pag-alis nito. She really need to set some boundary with what she's feeling toward JV. ASAP!



“Hmm... confused? Bakit? Sino’ng tomboy?” tanong ni JV habang nakatitig sa graffiti wall sa sala nila. Ang wall na iyon ay pinagdidikitan ng kung anu-ano gaya ng mga pictures, notes, messages, thoughts at iba pa.

Kunot ang noong napatingin siya sa lalaki mula sa panonood ng TV, nagkatinginan din sila ni Jessica na laging nasa bahay nila kapag wala itong pasok. Biyernes ng gabi noon at nangapitbahay ang magkapatid sa kanila.

“Anong tomboy?” tanong ni Crema.

“Ito,” turo ng lalaki sa *Post It* na nakadikit sa gilid ng graffiti wall. “*Why is that I’m confused?*” malakas nitong basa sa nakasulat doon. “Bakit ka confused?” nagtataakang tanong nito.

“Ako?” Napamaang si Crema. “Kung makapamintang ka. Alam mo ba ang handwriting ko?”

“Oo, alam ko. Nakita ko nang nagsulat ka sa graffiti wall dati. Bakit ka confused? Huwag mong sabihing tomboy ka? Hindi ako papayag!”

Pinamaywangan niya ito. “Hoy, Mr. Valencia! For your information, hindi ako tomboy! Masyado kang assuming. Confused lang, tomboy na agad? And if ever totoo man, kahit hindi totoo, bakit hindi ka papayag, aber?”

Nagulat siya nang hawakan siya ng binata sa baba at tinitigan. “Kasi, Krems, sayang ang ganda mo. Dapat babae ka lang.”

Krems. Si JV lang ang tumatawag sa kanya niyon. Pakiramdam din niya ay namula siya sa papuri nito at naglipana ang munting paruparo sa sikmura niya. Parang gusto niyang mahimatay. “Thank you.” Iyon lang ang kaya niyang sabihin.

Tumaas ang isang sulok ng mga labi nito. “You’re welcome.”

And there was silence. Nanatili lang silang magkatitigan. Pakiramdam ng dalaga ay gusto niyang malunod sa intensidad na nakikita niya sa mga mata nito. All her senses were wide awake and all of them were concentrated on JV alone.

“Bakit nasasayanan ka sa ganda ni Ate Crema?” sabad ni Jessica na nagpabitiw ng tingin ni JV sa kanya.

She was suddenly disappointed. Gusto pa niyang makatitigan ang lalaki. Nagkibit-balikat ito at humakbang palayo, pero hindi ito sumagot.

“Uy! Crush mo si Ate Crema, ano!” tukso ng dalagita sa kanila.

“Jess!” magkapanabay na bulalas nila ni JV.

Humagikgik ito. “Wow! Sabay pa kayo. Kinikilig ako sa inyong dalawa!”

“Anong kilig-kilig ang sinasabi mo diyan?”

Sixteen ka pa lang!” saway ni JV sa kapatid.

Pakiramdam naman ni Crema ay lalo siyang namula. But the thought that he has a crush at her made her giddy.

“Kuya, hindi na ako bata. Marunong na akong kiligin. Saka bagay kaya kayong dalawa. At, Kuya, boto ako kay Ate Crema!” Nag-thumbs up pa ang dalagita.

Naililing na nilingon siya ng binata. “Wag kang magpapaniwala diyan sa kapatid ko. May gatas pa siya sa labi. Wala pa siyang alam sa bagay-bagay at mga relasyon.” Saka ito bumaling sa kapatid. “Jessica, don’t matchmake. Napapahiya si Crema.”

Sumimangot si Jessica. “Ang KJ mo, Kuya. At may Crema ka pang nalalaman diyan.”

Nakaramdam siya ng disappointment sa narinig dito. “Wala iyon.” Bumaling na siya muli sa TV. “Ano na’ng nangyari sa pinapanood natin?”

“Oo nga, ano’ng nangyari?” segunda ni JV na bumalik na sa puwesto nito.

“Matatapos na yata,” sagot ng teenager nitong kapatid.

Hindi na umimik ang dalaga. Sa gilid ng mata niya ay tiningnan niya si JV. Seryoso na ito sa panood. Parang wala na lang dito ang pagtititigan nila kanina. Naalala ni Crema ang nakasulat sa *Post It*. Idinikit niya iyon dahil sa

confusion niya sa nararamdaman niya para sa binata. Wala namang masama kung magka-crush siya rito. Pero alam niya sa sarili na habang lalo niyang nakikilala ang lalaki, mas lumalalim ang pagtingin niya rito.

Which is wrong. Hindi iyon dapat mangyari. For Pete's sake, may Martin sa buhay niya!

